Mensahe Dalawa

## Ang Kagalakan ng Tres-unong Diyos Nagiging Ating Kagalakan

Babasahin sa Kasulatan: Roma 15:13; 14:17; Juan 15:4, 11; Gal. 5:22

### I. Ang Tres-unong Diyos ay isang Diyos ng kagalakan:

A. Sinasabi sa Roma 15:13, "Ngayon ay puspusin nawa kayo ng Diyos ng pag-asa ng buong kagalakan at kapayapaan":
   1. Ipinahihiwatig nito na ang kagalakan ay isa sa mga katangian ng Diyos.
   2. Ang Diyos ay ang Diyos ng pagtatamasa.
   3. Sa ating karanasan, kung tinatamasa natin ang Diyos bilang biyaya, magkakaroon tayo ng kapayapaan, at kung may kapayapaan tayo, magkakaroon tayo ng kagalakan.

B. Si Kristo ay kagalakan din sa mga mananampalataya:
   1. Sinabi ng Panginoon sa Juan 15:11, "Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo at upang ang inyong kagalakan ay malubos."
   2. Ang konteksto ng bersikulong ito ay ang salita ng Panginoon hinggil sa puno ng ubas at sa mga sanga.
   3. Ang maging mga sanga tayo ng dibinong puno ng ubas ay isang bagay ng kagalakan—isang magalakin na buhay.
   4. Ang ating kagalakan ay palaging nagmumula sa ating pananatili sa Panginoon, mula sa ating pananatili sa Kanyang pag-ibig.
   5. Sa ganitong uri ng buhay na tayo ay puspos ng kagalakan.
   6. Ang kagalakang ito ay si Kristo Mismo; kapag Siya ay nananatili sa atin, ang Kanyang kagalakan ay nananatili sa atin upang maging pinagmumulan ng ating kagalakan nang sa gayon ay sumagana at maging lubos ang ating kagalakan at upang maipamuhay natin ang ating mga araw nang may kagalakan.

C. May kagalakan sa Espiritu Santo—Roma 14:17:
   1. Ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya at mabuhay para sa Kanyang layunin—Neh. 8:10; Efe. 3:11.
   2. Ang Tres-unong Diyos ay isang Diyos ng kagalakan, at ang mga apostol ay mga kamanggagawa ng mga banal para sa kanilang kagalakan—Roma 15:13; Juan 15:11; 17:13; Gawa 13:52; Gal. 5:22; 2 Cor. 1:24; Fil. 1:25; 2:17-18.
   3. Maaari nating maranasan ang kagalakan ng pagiging nasa ating puso ng salita ng Panginoon—Jer. 15:16.
   4. Ang isang matamis na kaisipang inihayag sa Salita ng Diyos ay yaong kay Kristo ay ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin bilang biyaya upang maging ating katamasahan—Juan 1:14, 16-17; 2 Cor. 13:14:
      a. Sa unang pagtukoy sa Biblia sa kaugnayan ng Diyos sa tao, ipinakilala ng Diyos ang Kanyang sarili sa tao bilang pagkain; ipinakikita nito na

ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya—Gen. 2:7, 9; Awit 16:11; Jer. 15:16.

   b. Ang nais ng Diyos ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin upang maging ating katamasahan—Neh. 8:10.
   c. Ang lihim sa buhay-Kristiyano ay hindi kung gaano tayo gumagawa para sa Kanya kundi kung gaano natin Siya sinisipsip at tinatamasa—Juan 15:4-5; Col. 2:6-7.

**II. Ang kagalakan ng Tres-unong Diyos ay nagiging ating kagalakan:**

A. Sa Kanyang persona si Kristo ang ating kagalakan:
   1. Kung tayo ay mananatili sa Panginoon at magpapatuloy na manatili sa Kanya sa pamamagitan ng pananatili sa Kanyang pag-ibig, tayo ay mapupuspos ng kagalakan—Juan 15:10-11.
   2. Binabawi ng Panginoon ang mga bagay na namintis sa gitna ng karamihan sa mga Kristiyano, at ang pagtatamasa sa Panginoon ang isa sa pinakamahalaga sa mga bagay na ito—1 Ped. 1:8.
   3. Ang bagay ng pagkain at pagtatamasa sa Panginoon ay batay sa Juan 6:57.
   4. Ang pamumuhay ng Kristiyano ay isang buhay ng pagkain, pag-inom, at pagtatamasa sa Panginoon araw kada araw—b. 57; 1 Cor. 10:4.
   5. Upang tayo ay maging mga tapat, normal, at wastong Kristiyano, ang pangunahing bagay na kailangan nating ingatan ay ang pagtatamasa sa Panginoon; kailangang maging isang pangitain ito sa atin—Kaw. 29:18; Gawa 26:19.
   6. Ang ating espiritu ay kailangang manguna sa pagtatamasa sa Panginoon—Heb. 4:12:
      a. Kailangan nating matutuhan na direktang gamitin ang ating espiritu at hayaan ang kaluluwa na maging tagasunod ng espiritu.
      b. Kailangang agresibong manguna ang ating espiritu sa pagtatamasa sa Panginoon.
   7. Sa Kanyang panalangin sa Ama, sinabi ng Anak, "Ngunit ngayon ay pariiriyan Ako sa Iyo, at sinasalita Ko ang mga bagay na ito sa sanlibutan upang ang Aking kagalakan ay malubos sa kanila"—Juan 17:13:
      a. Ang pagiging lubos ng kagalakan ay nasa tunay na kaisahan.
      b. Kapag tayo ay isa sa pangalan ng Ama sa pamamagitan ng buhay ng Ama, tinatamasa ang Ama nang magkasama, malulubos ang kagalakan ng Panginoon sa atin—b. 13.

B. Sa ekklesia bilang kaharian ng Anak ng pag-ibig ng Diyos, nararanasan at natatamasa natin si Kristo sa Kanyang pagiging nagpapaloob ng lahat—Col. 1:12-13, 27; 2:9, 16-17; 3:1, 4, 11:
   1. Si Kristo ang ating nakalaang bahagi, ang ating mabuting lupain—ang dibinong mana para sa ating katamasahan—1:12.
   2. Si Kristo ang realidad ng bawat positibong bagay sa sansinukob—2:16-17.
   3. Si Kristo ang Isa na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos—3:1.
   4. Si Kristo ay nananahan sa atin bilang pag-asa ng kaluwalhatian—1:27.
   5. Si Kristo ang ating buhay—3:4.
   6. Si Kristo ang bumubuong sangkap ng isang bagong tao—bb. 10-11.

C. Ayon sa 1 Pedro 1:8, ang mga mananampalataya ay "nagagalak nang labis na may kagalakang di-masambit at puspos ng kaluwalhatian":
   1. Ang kagalakang ito ay nababad sa Panginoon bilang kaluwalhatian; sa gayon, ito ay puspos ng kahayagan ng Panginoon.
   2. Sa pamamagitan ng pagsampalataya tungo sa Panginoon at pag-ibig sa Kanya, natatamo natin ang masidhing kagalakan.
   3. Ang normal na kondisyon ng isang Kristiyano ay ang magkaroon ng kalagakan na puspos ng kaluwalhatian.

D. Maraming aspekto ang pagtatamasa sa Panginoon, gaya ng kalagakan ng presensiya ng Panginoon (Awit 16:11), kagalakan ng pamumuhay sa dibinong pag-iibigan (A. A. 1:1-4), kalagakan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad (2 Cor. 13:14; Efe. 3:14-21), kagalakan ng pag-inom sa ilog ng kasiyahan ng Diyos (Awit 46:4a; 36:8b), kagalakan ng pagkaalam sa pag-ibig ng Diyos (Gal. 2:20; Roma 8:38-39), kagalakan ng paggawa ng kalooban ng Diyos (Awit 40:8a), kagalakan ng pagiging nasiyahan sa lahat ng kalagayan (Fil. 4:11), at pagpasok sa kalagakan ng Panginoon sa kaharian (Mat. 25:21, 23).

E. Ang isang Kristiyano ay dapat na maging isang magalaking tao—magalakin sa Espiritu—Gal. 5:22:
   1. Ang Panginoon ang ating kagalakan kapag tayo ay nasa Kanya—Roma 14:17.
   2. Kapag tayo ay nananatili sa Panginoon, anumang suliranin ang mayroon tayo, tayo ay nagagalak, at pinalalalim ng anumang kahirapan ang ating kagalakan sa Panginoon—Juan 15:4.
   3. Ang Espiritu Santo ay isang Espiritu ng kagalakan—Roma 14:17:
      a. Kung tayo ay magalakin, ipinahihiwatig nito na ang Espiritu Santo sa loob natin ay magalakin din—Gal. 5:22.
      b. Maaaring walang anumang nakapagpapagalak sa atin sa panlabas na kapaligiran, subalit ang Panginoon na nabubuhay sa atin ang ating kagalakan—Col. 1:27.

*© 2023 Living Stream Ministry*